

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Nase-secure ng Lungsod ng Brampton ng pamumuhunan para sa muling pagpapasigla ng anim na lugar ng pangunahing kalye sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa My Main Street**

BRAMPTON, ON (Enero 24, 2022) – Naaprubahan ang Lungsod ng Brampton para sa \$945,000 na hindi babayaran na ambag sa pamamagitan ng [programang My Main Street Local Business Accelerator](#) para suportahan ang muling pagpapasigla sa anim na komunidad ng pangunahing kalye sa Brampton: Downtown, Mount Pleasant, Uptown, Kennedy Road (mula sa Orenda Court papunta sa south ng Glidden Road), Bramalea GO at Queen Street (Centre Street papuntang 410, Dixie Road papunta sa Bramalea Road at Torbram Road papunta sa CN rail line).

Ang mga komunidad ng anim na pangunahing kalye ay susuportahan ng Main Street Ambassador sa loob ng Economic Development Office ng Lungsod. Bilang bahagi ng programa, tatanggap din ang mga komunidad ng pinasadyang market research, data analysis at hindi babayarang mga panustos na

Ang programa ay ihahatid sa loob ng dalawang taon at tumutuon sa paglikha at pagmintina ng masigla at nagsasali sa lahat ng mga pangunahing kalye habang nagbibigay sa mga residente, bagong negosyante, at umiiral na mga negosyo ng mga pagkakataon sa ekonomiya sa mga komunidad sa main street

Bilang tugon sa pandemyang COVID-19, ang pamahalaan ng Canada, sa pamamagitan ng [Federal Economic Development Agency for Southern Ontario \(FedDev Ontario\)](#), ay nag-anunsyo ng [\\$23.25-milyong pamumuhunan](#) sa Canadian Urban Institute (CUI) at sa Economic Developers Council of Ontario (EDCO) para itatag ang My Main Street — isang dalawang taon na programa para suportahan ang pagbangon at pagpapasigla sa mga pangunahing kalye at mga lokal na negosyo sa southern Ontario sa pamamagitan ng dalawang stream ng programa.

Inihahatid ng EDCO ang steam ng programang My Main Street Local Business Accelerator, na sumusuporta sa pagpapasigla ng 65 komunidad ng pangunahing kalye at nagbibigay ng hindi babayarang mga kontribusyon para sa higit sa 650 lokal na negosyo sa southern Ontario.

Para sa mga detalye sa programa at karagdagang impormasyon, bisitahin ang [www.mymainstreet.ca](http://www.mymainstreet.ca) o kontakin ang Brampton Entrepreneur Centre sa [Bec@brampton.ca](mailto:Bec@brampton.ca).

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad at dedicated tayo sa pagsuporta sa ating mga lokal na negosyo habang nagsisikap tayo na malampasan ang mga epekto ng pandemyang COVID-19, nang magkasama. Ang pagtutulungan sa lahat ng antas ng pamahalaan at mga partner ng komunidad ay gumaganap ng mahalagang papel dito. Nagpapasalamat tayong makatanggap ng \$945,000 para sa anim na komunidad sa lungsod sa pamamagitan ng programang My Main Street Local Business

Accelerator. Makakatulong ito sa atin na suportahan ang lokal na mga negosyo at iangat ang mga oportunidad sa pamilihan ng ating magandang lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga komunidad sa pangunahing mga kalye ay gumaganap ng mahalagang papel sa ekonomiya ng lungsod, at kadalasang nabubuo doon ang pagsuporta ng komunidad at mga relasyon. Nagpapasalamat tayo sa mahalagang pamumuhunan na ito mula sa ating mga partner sa FedDev Ontario, at inaasam na maranasan ang oportunidad sa ekonomiya na ihahatid nito sa ating mga residente, bagong mga negosyante at umiiral na mga negosyo sa loob nitong mga komunidad sa anim na pangunahing kalye ng Brampton. ”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang kontribusyon na \$945,000 para sa Brampton sa My Main Street ay makakatulong sa pagtiyak na ang ating mga pangunahing kalye ay lalago at uunlad habang pinagdadaanan at umaabante tayo mula sa mga epekto ng pandemyang COVID-19. Ang anim na komunidad na ito ay sentro ng ekonomiya ng ating lungsod, at sa pagbibigay sa kanila ng dinagdagang mga pagkakataon, makikinabang ang ating buong lungsod.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod, dedicated tayo sa pagbibigay ng pagkakataon para sa mga residente at negosyo sa Brampton sa pamamagitan ng substansyal na lokal na pamumuhunan at partnership. Ang kontribusyon ng programang My Main Street Local Business Accelerator ay maghahatid ng pamumuhunan sa ating komunidad at susuporta sa paglago at pag-unlad ng ating lungsod, Patuloy tayong makipagtulungan sa ating mga partner para matiyak na ang ating lungsod ay may mga tool na kailangan para umunlad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Kinikilala ng Pamahalaan ng Canada ang mga hamon na nahaharap ng mga negosyo sa main street bilang bunga ng pandemya, at gumagawa tayo ng aksyon para makatulong na mapababaan ang bigat. Ang mga programa tulad ng My Main Street ay nag-aalok ng napakahalagang pagpopondo at serbisyo para sa mga lokal na negosyo habang naghahanap sila ng mga paraan na umangkop at lumikha ng bago at nagsasaling mga oportunidad sa ekonomiya na makatutulong sa kanila sa pagbangon at ibalik ang sigla sa kanilang mga pangunahing kalye.”

- *The Honourable Helena Jaczek, Minister Responsible for the Federal Economic Development Agency for Southern Ontario*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumatating lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na



## Media Release

ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)